Timbangin mo at pabigatan nang kaunti.

Ayon kay Abū Ṣafwān Suwayd bin Qays, malugod si Allāh sa kanya, na nagsabi: "Umangkat ako at si Makhramah Al-`Abdīy ng mga kasuutan mula sa Hajar. Pinuntahan kami ng Propeta, pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan, at nakipagtawaran siya sa amin ng isang salawal. Sa tabi ko ay may isang tagatimbang na nagtitimbang kapalit ng upa na nagtitimbang kapalit ng upa. Nagsabi ang Propeta, pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan, sa tagatimbang: Timbangin mo at pabigatan nang kaunti."
[Tumpak] [Isinaysay ito ni At-Tirmidhīy - Isinaysay ito ni Imām An-Nasā'īy - Isinaysay ito ni Imām Abū Dāwud - Nagsalaysay nito si Imām Ad-Dārimīy]

Sina Ṣafwān bin Suwayd at Makhramah Al-`Abdīy, malugod si Allāh sa kanilang dalawa, ay nagdala ng mga kasuutan mula sa isang bayang tinatawag na Hajar. Ang "Pinuntahan kami ng Propeta, pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan, at nakipagtawaran siya sa amin ng isang salawal" ay nangangahulugang ninais ng Propeta, pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan, na bumili sa kanila ng isang salawal at nakipagtawaran siya sa kanilang dalawa sa presyo. Sa isang sanaysay ni Imām An-Nasā'īy: "at bumili siya sa amin ng isang salawal." Hindi nabanggit ang tawaran. Ang "Sa tabi ko ay may isang tagatimbang na nagtitimbang kapalit ng upa" ay nangangahulugang mayroon sa palengke na isang lalaking may timbangan. Ang mga tao ay nagpapatimbang sa kanya at binibigyan nila ito ng upa sa pagtitimbang. Ang "Nagsabi ang Propeta, pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan, sa tagatimbang: Timbangin mo at pabigatin nang kaunti" ay nangangahulugang nag-utos ang Propeta, pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan, sa tagatimbang na magdagdag siya sa kamay ng timbangan na kinalalagyan ng paninda na tinitimbang nang sa gayon ay kumiling at bumigat kaysa sa kabilang kamay. HIndi naman nangangahulugan iyon na kikiling ito nang malaking pagkiling sapagkat ito ay maaaring magdulot ng kalugihan sa nagtitinda, bagkus kikiling ang timbangan nang kaunting pagkiling sa paraang matitiyak na ang mamimili ay makakukuha ng karapatan niya nang walang bawas.

https://sunnah.global/hadeeth/tl/show/3737